



Mga Hakbang ng Proteksyon sa Consumer Pagkatapos ng Sakuna Para sa Mga Customer ng Vyve Broadband sa California

Kung may proklamasyon ng emergency na inilabas ang Gobernador ng California o ang Presidente ng Estados Unidos sa inyong lugar na nagdudulot ng pagkaputol¹ ng serbisyo o pagbaba ng kalidad ng serbisyo,² ang mga customer ng Vyve Broadband ay maaaring makatanggap ng mga sumusunod na benepisyong ayuda sa panahon ng sakuna, alinsunod sa mga tuntunin ng California Public Utilities Commission para sa tagal na hindi bababa sa 12 buwan mula sa petsa ng proklamasyon ng emergency o kung naaangkop na tinukoy ng California Office of Emergency Services:

1. Waiver ng isang beses na bayad sa pag-activate para sa pagkakaroon ng remote call forwarding, remote na access sa call forwarding, mga call forwarding feature, at mga serbisyo ng pagpapadala ng mensahe
2. Waiver ng buwanang halaga para sa isang buwan ng remote call forwarding, remote na access sa call forwarding, mga call forwarding feature, at mga serbisyo ng pagpapadala ng mensahe
3. Waiver ng bayad sa serbisyo para sa pagkakabit ng serbisyo sa pansamantala o bagong permanenteng lokasyon ng customer at kapag ang customer ay bumalik sa kanilang orihinal na lugar
4. Waiver ng bayad para sa isang jack at nauugnay na mga kable sa pansamantalang lokasyon, may Inside Wire Plan man ang customer o wala
5. Waiver ng bayad nang hanggang limang libreng jack at nauugnay na mga kable para sa Inside Wiring Plan ng customer sa oras ng pagbabalik sa kanilang permanenteng lokasyon
6. Waiver ng bayad para sa isang jack at nauugnay na mga kable para sa mga customer na walang Plan sa oras ng pagbabalik sa kanilang permanenteng lokasyon

¹ Ang "Pagkaputol" ay ang (1) pagkawala ng dial tone; (2) walang koneksyon o di kaya'y serbisyong 'di gumagana; o (3) mga kalagayan kung saan ang caller ay hindi makakagawa o makakatanggap ng voice call dahil hindi pinagana ng sakuna ang serbisyo, at kung kaya, hindi makatawag ang caller sa 9-1-1.

² Ang "Pagbaba" (ng kalidad ng serbisyo) ay nangyayari sa mga sitwasyon kung saan ang serbisyo ay hindi ganap na nawala pero nakakaranas pa rin ang mga caller ng serbisyong mababa ang kalidad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, static, hindi pagkonekta, mabilis at busy na signal, at/o ibinabang tawag, kabilang ang mga tawag sa 9-1-1.